

# 10 HAKBANG TUNGO SA NATURALISASYON

## Pag-unawa sa Proseso Upang Maging Mamamayan ng Estados Unidos

U.S. Citizenship and Immigration Services

M-1051-TAG (5/22)

# HAKBANG 1

## Tukuyin kung ikaw ay isa nang mamamayan ng Estados Unidos.

Maaari kang maging isang mamamayan ng Estado Unidos o sa pamamagitan ng naturalisasyon. Kadalasan ang mga tao ay ipinanganganak bilang mamamayan ng Estados Unidos kung sila ay ipinanganak sa Estados Unidos o kung sila ay ipinanganak sa ibang bansa na may mga magulang na mamamayan ng Estados Unidos. Maaari ka ring magkaroon ng pagkamamamayan sa Estados Unidos kung ikaw ay mababa sa 18 taong gulat at isa o kapwa sa iyong mga magulang ay maging naturalisas, o pagkatapos na ampunin ng isang magulang na mamamayan ng Estados Unidos.

- ☑ Ipinangana ka a sa Estados Unidos o isang teritoryo ng Estados Unidos?

  Kung oo, maaaring isa ka nang mamamayan ng Estados Unidos.

- ☑ Isa ba sa iyong mga magulang ay isang mamamayan ng Estados Unidos bago ka maging 18 taong gulang?

  Kung oo, maaaring isa ka nang mamamayan ng Estados Unidos.

---

### ANO ANG DAPAT GAWIN:

Sumangguni sa Form N-600, Aplikasyon para sa Sertipiko ng Pagkamamamayan, o Form N-600K, Aplikasyon para sa Sertipiko ng Pagkamamamayan at Pagbibigay ng Sertipiko, para sa karagdagang impormasyon. Kung ikaw ay may isang magulang na mamamayan ng Estados Unidos dahilan sa kapanganakan o naturalisasyon maaaring ikaw ay isa nang mamamayan o maaari kang mag-apply para sa Sertipiko ng Pagkamamamayan ayon sa kanilang pagkamamamayan.

Kung hindi ka naniniwala na ikaw ay isang mamamayan ng Estados Unidos ayon sa pagkapanganak o hindi nakakuha ng awtomatikong pagkamamamayan mula sa iyong mga magulang pagkatapos ipanganak, magpunta sa susunod na hakbang.

**Kung ikaw ay hindi isang mamamayan ng Estados Unidos -- Magpunta sa HAKBANG 2**

HAKBANG 2

# Tukuyin kung ikaw ay kwalipikado na maging isang mamamayan ng Estados Unidos.

Sa karaniwan ay maaari kang maging kwalipikado para sa naturalisasyon kung ikaw ay hindi bababa sa 18 taong gulang at isang permanenteng residente ng hindi bababa ng 5 taon (o 3 taon kung ikaw ay kasal sa sang mamamayan ng Estados Unidos) at tumutugon sa iba pang pangangailangan upang maging kwalipikado. Maaari ka rin maging kwalipikado sa naturalisasyon ayon sa serbisyo militar, na may iba't ibang mga pangangailangan.

---

## ANO ANG DAPAT GAWIN:

- ☑ Basahin ang Form N-400, Instruksyon para sa Aplikasyon para sa Naturalisasyon na makikita sa sa uscis.gov/n-400 upang malaman ang higit pa tungkol sa naturalisasyon at pangangailangan upang maging kwalipikado.
- ☑ Bisitahin ang Citizenship Resource Center sa uscis.gov/citizenship para sa Naturalization Eligibility Tool upang makita kung ikaw ay kwalipikado na makapag-aplay para sa naturalisasyon, at upang makita ang impormasyon sa proseso ng pagkamamamayan, ang pagsusulit sa naturalisasyon, at mga magagamit na materyal sa pag-aaral.

Para sa karagdagang impormasyon sa naturalisasyon sa pamamagitan ng serbisyo militar, magpunta sa uscis.gov/military.

**Kwalipikado — Magpunta sa HAKBANG 3**

**Hindi Kwalipikado — Hinihikayat ka namin na mag-aplay kapagikaw ay kwalipikado na.**

# HAKBANG 3

## Ihanda ang Form N-400, Aplikasyon para sa Naturalisasyon.


Kapag tumugon ka na sa lahat ng pangangailangan upang maging mamamayan ng Estados Unidos, sagutan ang Form N-400 upang mag-aplay para sa naturalisasyon. Maaari kang gumawa ng account at i-file ang iyong N-400 online, na nagpapahintulot sa iyo na makatanggap ng abiso sa estado ng kaso, makita ang lahat ng pakikipag-ugnayan sa kaso, tingnan ang estado ng iyong kaso, mag-update ng personal na impormasyon, at mag-upload ng mga patunay. Bumisita sa uscis.gov/n-400 para sa karagdagang impormasyon at instruksyon.

### ANO ANG DAPAT GAWIN:

- ☑ Sagutan at pirmahan ang iyong Form N-400.
- ☑ Maghanda ng 2 passport-style na litrato kung ikaw ay nakatira sa labas ng Estados Unidos.
- ☑ Kolektahin ang mga kinakailangang dokumento upang ipakita na ikaw ay kwalipikado para sa naturalisasyon.
- ☑ Rebyuhin ang iyong Form N-400 at mga sumusuportang dokumento.

**Tandaan:** Maaaring humingi ang USCIS na karagdagang impormasyon kung hindi kompleto ang iyong aplikasyon. Ito ay magdudulot ng pagkaantala ng iyong aplikasyon.

Magpunta sa HAKBANG 4



# HAKBANG 4

## Ipasa ang Form N-400, Aplikasyon para sa Naturalisasyon.

Ipasa ang iyong aplikasyon, mga dokumento at bayad sa USCIS. Kung ikaw ay nakatira sa labas ng Estados Unidos, magpasa ng mga passport-style na litrato kasama ng iyong aplikasyon.

Kapag iyong napasa na ang Form N-400 at makakuha ng abiso ng pagkakatanggap, maaari mong tingnan ang panahon ng pagproseso at estado ng iyong aplikasyon sa pagbisita sa.

---

### ANO ANG DAPAT ISAMA:

- ☑ Form N-400 at singil para sa serbisyong biometric kung naaayon.
- ☑ Form N-648, Sertipikong Medikal para sa mga Pagtatangi sa May-kapansanan, kung naaayon. Kung humihiling ka ng pag-alis ng pangangailangan sa Ingles at/o sibika para sa naturalisasyon dahil sa pisikal na kapanasan o problemang pangkaisipan, magpasa ng Form N-648 sa iyong package kasama ng mga kailangang pagpapatunay na nakalista sa instruksyon sa Form N-400.
- ☑ Mapasa ng 2 passport-style na litrato kung ikaw ay nakatira sa labas ng Estados Unidos.

Sumangguni sa instruksyon sa Form N-400 para sa karagdagang kinakailangang dokumento. Magtago ng kopya ng iyong kompletong Form N-400 at anumang sumusuportang patunay para sa iyong mga rekord. Kailangan mong sumagot ng mga tanong tungkol sa iyong Form N-400 sa iyong panayam sa naturalisasyon.

Magpunta sa HAKBANG 5

## HAKBANG 5

# Magpunta sa appointment sa biometrics, kung ito ay naaayon sa iyo.

Hinihiling ng USCIS ang mga aplikante na litratuhan at kuhanan ng fingerprint para sa layunin na pagsasagawa ng criminal background check ng Federal Bureau of Investigation (FBI). Sa ilang kaso, ang USCIS ay maaaring gamitin muli ang mga litrato at fingerpring na kinuha dati upang isagawa ang kinakailangan na background check. Makakatanggap ka ng abiso na ang iyong biometrics ay ginamit muli, o kung kailangan mo ng bagong biometrics, makakatanggap ka ng abiso para sa appointment sa biometrics. Lahat ng aplikante ay dapat makompleto ang background check mo magtakda ng panayam ang USCIS.

---

## ANO ANG DAPAT GAWIN:

- ☑ Makatanggap ng abiso ng appointment na nagtataglay ng petsa, oras, at lokasyon ng iyong biometrics appointment, kung ito ay naaayon sa iyo.
- ☑ Dumating sa itinakdang lokasyon at oras.
- ☑ Ipasa ang biometrics.
- ☑ Sa ibang petsa, makakatanggap ka ng abiso ng appointment para sa iyong panayam sa naturalisasyon.

Magpunta sa HAKBANG 6



# HAKBANG 6

## Kompletuhin ang interbyu.

Kapag nakompleto na ang lahat ng mga preliminaryong proseso sa iyong kaso, ang USCIS ay magtatakda ng isang panayam sa iyo. Kailangan mong pumunta sa opisina ng USCIS sa petsa at oras sa iyong abiso ng appointment. Mangyaring dalhin ang iyong abiso ng appointment.

Napakahalaga na huwag palampasin ang iyong panayam. Kung kailangan mong hindi dumalo sa iyong panayam, sundin ang instruksyon kung paano makipag-ugnayan sa opisina upang baguhin ang iskedyul ng iyong panayam. Ang pagbago ng iskedyul ng panayam ay maaaring magdagdag na ilang buwan sa proseso ng naturalisasyon, kaya gawin ang iyong makakaya na makapunta sa orihinal na petsa ng iyong panayam.

**Tandaan:** Kailangan mong ipagbigay-alam sa USCIS kung binago mo ang iyong adres pagkatapos mong i-file ang iyong Form N-400 sa loob ng 10 araw mula sa iyong paglipat. Para sa impormasyon sa pag-file ng pagpapalit ng adres, magpunta sa website ng USCIS sa uscis.gov/addresschange. Kailangan mong abisuhan ang USCIS **BAWAT BESES** na ikaw ay magpalit ng adres.

*Ipagpapatuloy sa susunod na panel*

*Ipinagpapatuloy ang Hakbang 6 mula sa nakaraang panel*

## ANO ANG DAPAT ASAHAN:

- ☑ Sa panayam, ikaw ay makikipagkita sa isang opisyal ng USCIS at sasagot ng mga tanong tungkol sa iyong Form N-400.
- ☑ Kung hiniling mo ang pag-alis ng pangangailangan na pagsusulit sa Ingles at sibika dahil sa medikal na dahilan, magpasa ng Form N-648, Sertipikong Medikal para sa mga Pagtatangi sa May-kapansanan kung hindi mo ito ipinasa noong iyong i-file ang iyong Form N-400.
- ☑ Ikaw ay may pagsusulit sa Ingles at sibika, maliban kung inalis ang pangangailangan na ito sa iyo. Sumangguni sa Form N-400, Mga Instruksyon sa Aplikasyon para sa Naturalisasyon, o sa uscis.gov/citizenship/exceptions-and-accommodations para sa karagdagang impormasyon sa mga pagtatangi. Bumisita sa uscis.gov/ citizenship para sa mga materyal sa paghahanda sa pagsusulit.
- ☑ Sa ilang kaso, ang opisyal ng USCIS ay hindi makakagawa ng desisyon sa iyong Form N-400 sa araw ng iyong panayam sa naturalisasyon. Sa ganitong mga kaso, ang opisyal ng USCIS ay magpapatuloy sa iyong kaso. Maaaring kasama rito ang paghiling ng mga karagdagang patunay o mangailangan ng ikalawang panayam.
- ☑ Ang USCIS ay magbibigay sa iyo ng abiso sa resulta ng panayon pagkatapos ng iyong panayam.

Magpunta sa HAKBANG 6A para sa karagdagang impormasyon sa pagpapatuloy na aplikasyon.

**Kung ang iyong aplikasyon ay magpapatuloy --** **Magpunta sa HAKBANG 6A**

**Kung ang iyong aplikasyon ay nakatanggap ng pinal na desisyon --** **Magpunta sa HAKBANG 7**

# HAKBANG 6A

## Pagpapatuloy ng Aplikasyon

Ang mga sumusunod ang mga pinakakaraniwang dahilan para sa pagpapatuloy:

- Ang opisyal na USCIS ay nagpasya na kailangan mong magbigay na karagdagang mga dokumento o patunay. Maaaring hilingin ng USCIS na magpasa ka ng karagdagang dokumento sa pamamagitan ng pagbigay ng Form N-14, Hiling para sa Karagdagang Impormasyon, Dokumento o Form. Kailangan mong ibigay ang hinihiling na karagdagang dokumentasyon upang magpatuloy sa proseso ng naturalisasyon.
- Bumagsak ka sa pagsusulit sa Ingles o sibika, o ang dalawang ito. Ang USCIS ay magtatakda ng iskedyul upang bumalik para sa isa pang panayam sa loob ng 60 hanggang 90 araw mula sa iyong unang panayam. Ang USCIS muling magbibigay ng pagsusulit sa bahago (Ingles o sibika) na bumagsak ka. Hindi tatanggapin ng USCIS ang iyong Form N-400 kung bumagsak ka sa mga pagsusulit sa ikalawang beses.

Magpunta sa HAKBANG 7

# HAKBANG 7

## Makatanggap ng desisyon mula sa USCIS sa iyong Form N-400, Applikasyon para sa Naturalisasyon.

Ikaw ay bibigyan ng nakasulat na abiso ng desisyon.

---

- **Iginagawad** — Ang USCIS ay maaaring aprubahan ang iyong Form N-400 kung ang ebidensiya na nakatala ay nagtatatag na kwalipikado ka para sa naturalisasyon.
- **Hindi tinatanggap** — Hindi tatanggapin ng USCIS Form N-400 kung ang ebidensiya na nakatala ay nagtatatag na hindi ka kwalipikado ka para sa naturalisasyon.

Kung ang iyong aplikasyon Iginagawad —
Magpunta sa HAKBANG 8

Kung ang iyong aplikasyon ay tinanggihan—
Magpunta sa HAKBANG 7A

# HAKBANG 7A

## Hindi tinanggap ang Aplikasyon

Makakatanggap ka ng abiso mula sa USCIS na nagpapaliwanag ng hindi pagkakatanggap ng iyong Form N-400. Kung naniniwala kang nagkamali ang USCIS na hindi tanggapin ang iyong Form N-400, maaari kang humiling ng pagdinig upang iapela ang desisyon na ito.

---

### ANO ANG DAPAT GAWIN:

Ang abiso sa hindi pagtanggap na iyong nakuha ay may instruksyon paano umapela sa desisyon ng USCIS sa pamamagitan ng pag-file ng Form N-336, Hiling para sa Pagdinig sa isang Desisyon sa Proseso ng Naturalisasyon. Bumisita sa uscis.gov/n-336 para sa karagdagang impormasyon. KAILANGAN mong i-file ang Form N-336 nang may kaukulang bayad sa loob ng 30 araw mula sa petsa ng desisyon sa Form N-400. Kung hiling sa pagdinig ay hindi nai-file sa panahong inilaan, ang desisyon sa hindi pagtanggap ay pinal.

# HAKBANG 8

## Makatanggap ng abiso na isagawa ang Panunumpa ng Katapatan.

### ANO ANG DAPAT ASAHAN:

Magpapadala ang USCIS ng liham na notipikasyon na may petsa, oras, at lokasyon ng iyong nakatakdang seremonya ng panunumpa. Sa ilang mga pagkakataon, maaaring makasali ka sa iyong seremonya ng panunumpa sa mismong araw ng iyong panayam. Kung hindi ka makakadalo sa seremonya ng panunumpa na itinakda ng USCIS, sundin ang instruksyon sa N-445, Abiso sa Seremonya ng Panunumpa sa Naturalisasyon, kung paano ipagbigay-alam sa iyong lokal na opisina ng USCIS at humiling sa USCIS na baguhin ang iskedyul.

MAGPUNTA SA HAKBANG 9



# HAKBANG 9

## Gawin ang Panunumpa ng Katapatan sa Estados Unidos.

Hindi ka isang mamamayan ng Estados Unidos hanggat magawa mo ang Panunumpa ng Katapatan sa isang seremonya ng naturalisasyon. Ang panunumpa ay pinangangasiwaan ng USCIS sa isang administratibong seremonya o ng isang hukom sa isang panghukuman na seremonya. Ang korte ay may eksklusibong awtoridad na isadawa ang seremonya sa ilang mga distrito ng USCIS.

Matatanggap mo ang iyong Sertipiko ng Naturalisasyon pagkatapos gawin ang Panunumpa ng Katapatan.

---

### ANO ANG DAPAT GAWIN:

- ☑ Sagutan ang kuwestyonaryo na Form N-445, Abiso sa Seremonya ng Panunumpa sa Naturalisasyon.
- ☑ Magpakita para sa iyong seremonya ng panunumpa.
- ☑ Mag-check-in sa USCIS.
- ☑ May isang opisyal ng USCIS na susuriin ang iyong mga tugon sa Form N-445.
- ☑ Ibigay ang iyong Permanent Resident Card.
- ☑ Gawin ang Panunumpa ng Katapatan upang maging isang mamamayan ng Estados Unidos.
- ☑ Tanggapin ang iyong Sertipiko ng Naturalisasyon at suriin ito bago umalis sa lugar ng seremonya. Ipagbigay-alam sa USCIS ang anumang pagtatama sa iyong sertipiko sa panahon na iyon.

MAGPUNTA SA HAKBANG 10

# HAKBANG 10

## Pag-unawa sa Pagkamamamayan ng Estados Unidos.

Ang Pagkamamamayan ay ang pangkalahatang tali na nag-uugnay sa lahat ng mga Amerikano. Makikita sa ibaba ang ilan sa mga pinakamahalagang karapatan at responsibilidad na lahat ng mamamayan - kapwa Amerikano pagkapanganak o sa pagpili - ay dapat isagawa at igalang. Ilan sa mga karapatan at responsibilidad na ito ay umaayon din sa mga hindi mamamayan ng Estados Unidos. Habang ang ilang sa mga responsibilidad ay hinihingi sa mga mamamayan ayon sa batas, lahat ay mahalaga upang masigurado ang patuloy na sigla at lakas ng ating bansa at demokrasya.

---

### Mga Karapatan

- Kalayaan na ipahayag iyong sarili.
- Kalayaan na sumamba sa paraang gusto mo.
- Karapatan sa nararapat at patas na pagdinig sa pamamagitan ng jury.
- Karapatan na bumoto sa eleksyon para sa mga pampublikong opisyal.
- Karapatan na mag-aplay para sa mga trabahong pederal na nangangailangan ng pagkamamamayan ng Estaod Unidos.
- Karapatan na tumakbo para sa inilluluklok na posisyon.

*Ipagpapatuloy sa susunod na panel*

*Ipinagpapatuloy ang Hakbang 10 mula sa nakaraang panel*

## Mga Responsibilidad

- Suportahan at ipagtanggol ang Saligang-Batas ng Estados Unidos.
- Manatiling may alam sa mga suliranin na nakaapekto sa iyong komunidad.
- Makilahok sa demokratikong proses.
- Igalang at sundin ang mga batas - pederal, estado, at lokal.
- Igalang ang karapatan, paniniwala, at opinsion ng ibang tao.
- Makihok sa iyong lokal na komunidad.
- Magbayad ng buwis sa suweldo at iba pang buwis sa nang tapat at ayon sa panahon sa pederal, estado, at lokalna awtoridad.
- Magsilbi bilang isang jury kapag hiniling ito.
- Magsibi sa bansa kung kinakailangan.

# Nakakatulong na Sanggunian

Ang desisyon na mag-aplay para sa pagkamamamayan ng Estados Unidos ay depende sa bawat indibidwal. Ang USCIS ay naghanda ng iba't ibang edukasyonal na sanggunian upang tulungan kang maghanda. Makikita mo ang impormasyon sa pagiging kwalipikado at pagsusulit, ang proseso ng aplikasyon, at mga materyal sa pag-aaral. Maaari ka ring matuto pa tungkol sa karapatan at responsibilidad sa pagkamamamayan at makahanap ng libreng sesyon sa mga impormasyon ng USCIS sa iyong lugar.

---

Ang U.S. Citizenship and Immigration Services (USCIS) ay ang ahensiya ng pamahalaan na nangangasiwa ng imigrasyon na naaayon sa batas sa Estados Unidos.
uscis.gov

Ang Citizenship Resource Center ng USCIS ay nagbibigay sa mga nag-aaral at aplikante ng isang one-stop na sanggunian sa paghahanp ng mga materyal sa paghahanda sa pagkamamamayan.
uscis.gov/citizenship

Ang USCIS ay regular na nagsasagawa ng libreng sesyon sa mga impormasyon para sa publiko. Ang mga paksa na sakop sa mga sesyon na ito ay tungkol sa pangangailangan upang maging kwalipikado sa naturalisasyon, ang proseso ng naturalisasyon, at ang pagsusulit sa naturalisasyon.
uscis.gov/citizenshipsessions

Ang Form N-400, ang Aplikasyon para sa naturalisasyon ay ang form na iyong gagamitin upang mag-aplay sa pagkamamamayan sa Estados Unidos.
uscis.gov/n-400

Kung naniniwala ka na ikaw ay isa nang mamamayaman ng Estados Unidos, tingin kung ikaw ay kwalipikado na i-file ang Form N-600, Aplikasyon para sa Sertipiko sa Pagkamamamayan o Form N-600K, Aplikasyon para sa Pagkamamamayan at Pagbigay ng Sertipiko.
uscis.gov/n-600
uscis.gov/n-600k

Upang baguhin ang iyong adres sa USCIS, I-file ang Form AR-11, Pagpalit ng Adres.
uscis.gov/addresschange

Makahanap ng impormasyon sa tulong legal:
uscis.gov/citizenship/apply-for-citizenship/find-help-in-your-community